# Ano ang Ibig Sabihin ng Kumilos nang may Pananampalataya?

MATERYAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Basahin ang mga talata 1–2 at 5–7 ng *Doctrinal Mastery Core Document* (2022) “Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman,” at ang sumusunod na pahayag ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol. Habang nag-aaral ka, alamin kung ano ang ibig sabihin ng kumilos nang may pananampalataya at ano ang makatutulong sa iyo na ipamuhay ang alituntuning ito kapag may mga tanong ka.



Ang pananampalataya ay hindi basta lamang natin natatamo o nananatili sa atin bilang karapatan ng pagkapanganay. … Ang pananampalataya kay Jesucristo ay kaloob mula sa langit na matatamo lamang matapos nating piliing maniwala at hangarin at panghawakan ito. … Ang kalakasan ng inyong pananampalataya sa hinaharap ay hindi basta mangyayari kung wala kayong pagpiling gagawin. …

Ang pananampalataya ay hindi humihingi ng sagot sa bawat tanong ngunit naghahangad ng katiyakan at katapangan upang sumulong, at kung minsan ay tinatanggap na, “Hindi ko alam ang lahat, ngunit sapat ang nalalaman ko upang magpatuloy sa landas ng pagkadisipulo.”

Ang tulutang mapuno ng pagdududa ang sarili, at maudyukan ng mga sagot mula sa mga walang pananampalataya, ay nagpapahina ng pananampalataya kay Jesucristo at sa Pagpapanumbalik. “Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka’t ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya.” [1 Mga Taga Corinto 2:14]. …

Bagama’t maaaring maliit pa lang ang ningas ng inyong pananampalataya, ang mabubuting pagpili ay magdudulot ng higit na tiwala sa Diyos at magpapalakas ng inyong pananampalataya. (Neil L. Andersen, “Ang Pananampalataya ay Hindi Matatamo Kung Wala Munang Pagpiling Gagawin,” *Liahona*, Nob. 2015, 65–67)

- Sa iyong palagay, bakit mahalagang kumilos nang may pananampalataya kapag may mga tanong at alalahanin tayo?
- Ano ang natutuhan mo mula sa mga babasahing ito tungkol sa ibig sabihin ng kumilos nang may pananampalataya?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *What Does It Mean to Act in Faith?*
Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas